POPULATION HEALTH DIVISION
SAN FRANCISCO DEPARTMENT OF PUBLIC HEALTH

# Gonorrhea

Ang gonorrhea ay isang Impeksyon na Nakukuha sa Pakikipagtalik [Sexually Transmitted Infection (STI)] na dulot ng isang uri ng bacteria (*Neisseria gonorrhea*) na maaaring makahawa sa lalamunan, vagina, urethra at anus. Maaari itong maipasa mula sa isang tao patungo sa isa pa sa panahon ng pakikipagtalik. Maaari din itong maipasa sa bagong silang sa panahon ng panganganak at magdudulot ng malulubhang problema.

## *Ano ang dapat kong hanapin?*

**<u>Mga tao na may penis</u>**:
Karaniwang lumilitaw ang mga sintomas sa penis sa loob ng 10 araw pagkaraang malantad dito at maaaring kabilang ang:

- Discharge mula sa penis
- Pananakit o pangangati sa ulo ng penis
- Paminsan-minsang pamamaga ng penis
- Pananakit sa pag-ihi
- Paminsan-minsan, maaaring lumitaw ang discharge at pagkatapos ay mawawala nang walang paggamot. <u>Gayunman, maaari ka pa ring nahawa.</u>

**<u>Lalamunan</u>***:*
Ang gonorrhea ay maaaring maipasa sa lalamunan ng isang nahawaang penis. Kadalasan ay walang mga sintomas bagaman maaari itong maging sanhi ng pananakit ng lalamunan (sore throat).

**<u>Tumbong (Rectum)</u>***:*
Kung nahawaan ng gonorrhea ang puwit/tumbong (anus/rectum), maaaring magkaroon ng discharge, pananakit, pagdurugo, o pangangati sa anal. Tulad ng sa lalamunan, maaaring wala talagang anumang sintomas.

**<u>Mga tao na may vagina</u>**:
Madalas ay walang mga sintomas. Kung may lumabas na mga sintomas, karaniwan itong lumilitaw sa loob ng 10 araw pagkaraang malantad at maaaring kabilang ang:

- Discharge mula sa vagina
- Pananakit sa ibabang bahagi ng tiyan, lalo na kapag nakikipagtalik
- Hindi pangkaraniwang pagdurugo sa vagina na may kasamang pulikat
- Pananakit sa pag-ihi

## *Malubha ba ang gonorrhea?*

- Maaari itong maging malubha. Ang gonorrhea ay maaaring magdulot ng malubhang impeksyon ng epididymis/testicles (balls) na maaaring magdulot ng pananakit at humantong sa pagkabaog (pagbara ng isperm). Sa mga tao na may vagina, ang gonorrhea ay maaaring humantong sa isang malubhang impeksyon na tinatawag na pelvic inflammatory disease (PID). Maaaring makapinsala ang PID sa mga fallopian tube at mas malamang na maging isang “tubal pregnancy” (sa labas ng matris). Maaari ding humantong ang PID sa pagkabaog, ang kawalan ng kakayahang mabuntis.

*-over-*

- Ang gonorrhea ay maaaring magpataas ng panganib na magkaroon at magpasa ng HIV at iba pang mga STD. Kung ikaw ay nasuring may gonorrhea, siguraduhin na magpasuri ka rin para sa HIV. Ang rectal gonorrhea ay inilalagay ka sa partikular na mataas na panganib na makakuha ng HIV. *Kung nagkaroon ka ng rectal gonorrhea at negatibo sa HIV, kausapin ang iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa PrEP.*

## *Paano ginagamot ang gonorrhea?*

- Ang inirerekomendang paggamot para sa gonorrhea ay isang iniksyon ng isang antibiotic na magpapagaling ng impeksyon. Iwasan ang pakikipagtalik sa loob ng pitong araw pagkatapos ng itong paggamot at hanggang mawala ang mga sintomas.
- Ang iyong (mga) sex partner ay dapat suriin at gamutin. Kapag hindi ginamot, maaari nilang maibalik ang impeksyon sa iyo o makahawa sa iba.
- Muling magpasuri para sa gonorrhea pagkaraan ng 3 buwan. Kung mayroon kang gonorrhea sa lalamunan, maaaring hingin sa iyo na ulitin ang swab sa iyong lalamunan mga 2 linggo pagkatapos ng paggamot.

## *Paano ko maiiwasan ang pagkakaroon ng gonorrhea?*

- Ang mga condom ay mabisa sa pagbabawas ng panganib ng impeksyon.
- Tanungin ang iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa doxyPEP.
- Huwag makipagtalik kung ikaw o ang isang sexual partner ay mayroong mga sintomas ng STI, kabilang ang discharge, napapaso sa pag-ihi, rash, o mga genital sore.

**Para sa higit pang impormasyon:**
Mangyaring makipag-usap sa iyong City Clinic clinician o sa iyong sariling health care provider. Ang sumusunod na mga website ay nag-aalok din ng makakatulong na impormasyon:

**Pangkalahatang STI**
www.ashasexualhealth.org (mayroon din sa Español)
www.cdc.gov/std/
www.sfcityclinic.org
www.sfsi.org/

**Contraception at STI/sex info**
www.bedsider.org

**Teens**
www.iwannaknow.org
www.kidshealth.org/teen (mayroon din sa Español)
www.scarleteen.com

Para sa STI check-up o paggamot,
makipagkita sa iyong health care provider, local clinic, o pumunta sa:

City Clinic
A landmark in prevention

City Clinic
356 7th Street
(sa pagitan ng Folsom at Harrison)
San Francisco, CA 94103
(628) 217-6600
www.sfcityclinic.org